



| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | FILIPINO |
| | Teaching Dates | Week 5 | Quarter | 1ST |





| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan | | Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon | | **F3TA-0a-j-4** Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas at mekaniks ng pagsulat | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nakasusunod sa nakasulat na panuto na may 2-4 na hakbang (**F3PB-lc-2, F3PB-llc-2, F3PB-IVb-2**). | | Nakababaybay ng mga salitang natutunan sa aralin at mga salitang di-kilala batay sa bigkas (**F3PY-Id-2.2, F3PY-If.2.4, F3PY-ld-2.2, F3PY-IVb-h2**) | | Learners will answer the assessment with 80% accuracy |
| **II. Nilalaman** | **Pagsunod sa Nakasulat na Panuto na may 2-4 na Hakbang** | | **Pagbabaybay nang Wasto ng Salitang Natutuhan sa Aralin at mga Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas** | **Pagbabaybay nang Wasto sa mga Salitang may Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan, Salitang Dinaglat** | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |







| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Modyul 6 | | Modyul 7 | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Bilugan ang tamang bilang ng pantig sa sumusunod na salita.<br>Halimbawa: ma-sa-ga-na 1 2 3 (4)<br>Bilang ng pantig<br>1. ma-sa-ya 1 2 3 4<br>2. pa-ya-pa 1 2 3 4<br>3. pa-a-ra-lan 1 2 3 4<br>4. ma-gu-lang 1 2 3 4<br>5. ka-i-bi-gan 1 2 3 4 | | Unawain mo ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit batay sa gamit nito sa pangungusap. Bilugan ang kasingkahulugan nito sa loob ng panaklong.<br>1. Luma na ang dekorasyon ni Aling Nena sa bahay kaya bumili siya ng iba't ibang bulaklak upang magkaroon ng bagong (palamuti, paso, aparador).<br>2. Nakatira sa isang malapad na lote sina Tony at Lito kaya matagal silang natatapos maglinis dahil na rin sa (layo, lawak, lalim) nito.<br>3. Ang lumang City Hall ng Tagum ay nasa (dulo, gilid, sentro) ng lungsod kaya madali itong nararating dahil nasa gitnang bahagi ito ng Tagum.<br>4. Bumisita sa Mababang Paaralan ng Mankilam ang mga panauhing dayuhan upang maghandog sa mga | Basahin mo ang mga salita at pagpapantig-pantigin mo. Isulat ang bilang ng pantig ng bawat salita.<br>1. mamamayan<br>2. pangungusap<br>3. salita<br>4. tularan<br>5. mabait<br>6. biyaya<br>7. mapitagan<br>8. kuwaderno<br>9. mag-aaral<br>10.magalang | I. Iayos mo ang mga panuto na nakasulat sa ibaba. Lagyan ng numero 1-4 ang patlang upang maisunod-sunod ang tamang hakbang.<br>Hakbang sa Paglilinis ng Ngipin<br>_____Panghuli, magsipilyo sa umaga at gabi. _____Pangalawa, sipilyuhin ang ngipin nang paitaas at paibaba.<br>_____Una, maglagay ng tamang dami ng toothpaste sa sipilyo.<br>_____Pangatlo, idura ang toothpaste at |




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | mag-aaral ng libreng salamin sa mata. (bisita, sundalo, kaibigan)<br>5. Maligayang tinanggap ng mga mag-aaral ang salamin sa mata at umuwi silang (umiiyak, malungkot, masaya). | | magmumog gamit ang malinis na tubig<br>II. Kopyahin mo nang tama ang mga salitang di-kilala sa bawat bilang.<br>1. kalupi –<br>2. tsubibo –<br>3. antipara –<br>4. tampipi –<br>5. batobalani-<br>III. Basahin ang mga salita at kulayan ng berde ang dahon na may tamang baybay.<br> |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Basahin ang usapan. Naghanda si Ana sa pagpasok sa paaralan, dala niya ang kaniyang takdang- aralin na ipinagawa sa kanila ng kanilang gurong si Bb. Cruz. Ito ay tungkol sa tamang paghuhugas ng kamay. | | Basahin ang kuwento upang masagot nang tama ang kasunod na gawain.<br>**Ang Paghihintay**<br>ni: Girlie Ravara-Banico | Isulat ang nararapat na daglat ng mga salitang nasa puno. Isulat mo ang tamang baybay sa sagutang papel. Halimbawa: doktor – Dr<br> | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Tanong:<br>1. Anong takdang-aralin ang ipinagawa ni Bb. Cruz sa mga bata?<br>a. mga hakbang sa paghuhugas ng plato<br>b. mga hakbang sa paghuhugas ng gulay<br>c. mga hakbang sa paghuhugas ng kamay<br>2. Sino ang nagbasa sa harap ng klase ng kanilang takdang-aralin?<br>a. Ana b. Annie c. Amy | | Punan mo ng tamang letra ang mga kahon upang mabuo ang kahulugan ng bawat salita. | 1. Ang pagbaybay ay ang pagsusulat ng salita o mga salita sa pamamgitan ng lahat ng kinakailangan na letra sa tama nitong pagkakasunod-sunod. Ito ay isa sa mga napaka-importanteng bahagi ng isang wika. 2. Pabigkas na pagbaybay – ang pabigkas na pabaybay ay dapat paletra at hindi papantig aso = | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. Bakit mahalaga ang paghuhugas ng kamay?<br>a. utos ito ng aking mga kaibigan<br>b. dahil ito ang sabi ng karamihan<br>c. upang maging malinis at malayo tayo sa sakit<br>4. Mahalaga bang sundin natin ang mga hakbang sa paghuhugas ng kamay?<br>a. Oo, dahil ito ang tamang paraan upang makaiwas sa sakit.<br>b. Hindi, huhugasan ko ang aking mga kamay sa gusto kong paraan.<br>c. Hindi, masyadong mahaba ang hakbang ng tamang paghuhugas ng kamay.<br>5. Alin sa sumusunod ang tamang pagkasunod-sunod sa paghuhugas ng kamay? Isulat ang letra ng tamang sagot<br>__ Pangalawa, lagyan ng sabon ang kamay at kuskusin ito sa harap at likod.<br>___ Una ay hugasan ang kamay ng malinis na tubig.<br>___ Panghuli, punasan ang kamay ng malinis na tuwalya.<br>___ Pangatlo, banlawan ang kamay ng malinis na tubig."<br>a. 1, 2,3, 4 b. 2, 1, 4, 3 c. 4, 2, 3, 1 | |  | /ey-es-o/ lapis = /el-ey-pi-ay-es/ 3. Pasulat na pagbaybay- manatili ang isa-isang tumbasan ng tunog at letra sa pagsulat na pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino. 4. Paano ang pagbaybay ng salitang dinaglat? Ito ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok. Halimbawa: Pagsulat Pagbigkas Bb. (Binibini) (kapital bi-bi tuldok) Gng. (Ginang) (kapital dyi-en-dyi tuldok) | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at** | Dapat Tandaan sa Pagsunod ng Panuto | | Ang Pagbabaybay o Ispeling ay maaaring pasulat o pabigkas. Kadalasan, sumusunod ito sa | Kulayan mo ang kahon ng mga salitang may tamang baybay. | |


<table>
<tr>
<td>paglalahad ng bagong kasanayan #1</td>
<td>1.Unawaing mabuti ang nakasulat na panuto. Kung ito ay pasalita, pakinggang mabuti ang nagbibigay ng panuto.<br>2.Kung mahaba ang panuto, isulat at intindihin ang mahahalagang detalye.<br>3.Kung hindi malinaw, maaaring ipaulit ang panutong hindi naintindihan</td>
<td></td>
<td>alituntunin sa kung anong bigkas siyang baybay.
<table>
<tr><th>Tunog</th><th>Baybay</th></tr>
<tr><td>/b-a-g/</td><td>bag</td></tr>
<tr><td>/m-a-t-a/</td><td>mata</td></tr>
<tr><td>/ts-u-b-i-b-o/</td><td>tsubibo</td></tr>
</table>
Mababaybay mo nang maayos ang salita kung alam at naisaulo mo ang tunog ng bawat letra ng alpabeto at maisusulat ito sa tamang pagkasunod-sunod ng mga tunog ng letra ng salitang binabaybay. Ang mga salitang batobalani, kalupi, miktinig, antipara, tampipi at tsubibo ay mga halimbawa ng salitang di-kilala o mga salitang hindi natin karaniwang ginagamit. Dahil sa ito ay mahirap maunawaan, mahalagang intindihing mabuti kung paano ito ginamit sa pangungusap o pahayag. Sa kasanayang ito, higit na mapapaunlad mo ang iyong bokabularyo.<br>
Halimbawa:<br>
<br>
bakuran h a r d i n<br>
Maraming tanim na halamang bulaklak si Nanay Nelia sa hardin</td>
<td>
<table>
<tr><td>tsike</td><td>Tseke</td><td>Tsiki</td></tr>
<tr><td>likido</td><td>Likidu</td><td>likedo</td></tr>
<tr><td>Miyerkules</td><td>Miyerkoles</td><td>Miyerkolis</td></tr>
<tr><td>ispeling</td><td>espeling</td><td>ispileng</td></tr>
<tr><td>tiknikal</td><td>teknikal</td><td>teknekal</td></tr>
<tr><td>flixibilidad</td><td>fleksebilidad</td><td>fleksibilidad</td></tr>
<tr><td>eskwelahan</td><td>eskwilahan</td><td>eskuwilahan</td></tr>
<tr><td>kolehiyo</td><td>Koleheyo</td><td>kolehiyu</td></tr>
<tr><td>orihinal</td><td>Orehinal</td><td>orihenal</td></tr>
<tr><td>kunsistent</td><td>Konsistent</td><td>konsestint</td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2</td>
<td>Halimbawa<br>Mga Hakbang sa Paghuhugas ng Kamay<br>1. Una, hugasan ang kamay ng malinis na tubig.<br>2. Pangalawa, lagyan ng sabon ang kamay at kuskusin ito sa harap at likod.<br>3. Pangatlo, banlawan ang kamay ng malinis na tubig.</td>
<td></td>
<td>Basahin ang kuwento upang masagot nang tama ang kasunod na gawain. Ang Masayang Tagpuan ni: Girlie Ravara-Banico<br>Tukuyin mo ang larawan sa bawat bilang. Bilugan ang tamang baybay ng larawan.</td>
<td>Maaari ring paikliin ang ngalan ng tao at lugar. Isulat ang daglat para sa mga sumusunod.<br>1. United States of America<br>2. Pangulong Rodrigo Roa Duterte<br>3. Tagum City<br>4. Quezon City<br>5. Fidel Valdez Ramos</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Panghuli, punasan ang kamay ng malinis na tuwalya | | 1.   talatinigan talatinogan talatunugan<br>2.  pantamlay pantablay pansablay<br>3.   pook-sipat pook-sapat pook-sapot<br>4.  miktinig maktunog metunog<br>5.  abaniko abako abiko | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | Isulat ang bilang 1-4 sa patlang upang maisunod-sunod ng tama ang hakbang sa paghuhugas ng kamay.<br>___1.  Punasan ng malinis na tuwalya ang kamay.<br>___2.  Kuskusin ang harap at likod ng kamay gamit ang sabon.<br>___3.  Banlawan ang kamay na may sabon ng malinis tubig.<br>___4.  Hugasan ang kamay ng malinis na tubig. | | Basahin at unawain ang pangungusap at piliin sa loob ng kahon ang tamang baybay ng kasingkahulugan ng salitang may salungguhit.<br>1. Bumili ng bagong lagari at martilyo ang <u>karpintero.</u><br><br>anluwage<br>anlagi | Pag-ugnayin ang mga dinaglat na salita.<br>___1. Pang. A. Gobernador<br>___2. Sen. B. Doktora<br>___3. Dra. C. Kagalanggalang<br>___4. Gob. D. Pangulo<br>___5. Kgg. E. Senador | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 2. Tumawag sa telepono ang ama ni Jessie mula sa ibang bansa.<br><br>katinig<br>hatinig<br><br>3. Kay gandang pagmasdan ng mga ulap mula sa bintana.<br><br>durungawan<br>hawanan<br><br>4. Kinumpuni ni tatay ang sirang upuan.<br><br>salumpuwit<br>sampitan<br><br>5. Mataas ang lipad ng eroplano.<br><br>talipapa<br>salipapaw | | |
| **G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | Ikonek ang mga panuto sa Hanay A sa tama nitong bilang ng pagkasunod-sunod sa Hanay B. Mga Hakbang sa Paghuhugas ng Pinggan<br><br>Hanay A — Hanay B<br>1. Sabunin ang pinggan nang maayos. • una<br>2. Banlawan ng malinis na tubig pangalawa ang nagamit na pinggan. •<br>3. Patuyuin ang mga pinggan. • pangatlo<br>4. Ilagay sa tamang lalagyan ang pang-apat mga pinggan. • | Punan mo ng tamang letra ang mga kahon upang mabuo ang pangalan ng bawat larawan.<br>1.   <br>2.   <br>3.   <br>4.   <br>5.    | I pares mo Ako. Ipares mo ang mga nasa Hanay A sa Hanay B.<br><br>A — B.<br>_____1. Binibini — a. /el-ey-el-ey-key-ay/<br>_____2. pagkain — b. /em-ey-ji-el-ey-el-ey-key-bi-ey-way/<br>_____3. Lalaki — c. /kapital bi-ay/en/ay/bi/ay/en/ay/<br>_____4. bayani — d. /pi/ey/ji/key/ey/ay/en/<br>_____5. maglalakbay — e. /bi-ey-way-ey-en-ay/<br>f. / bi-ey-bi-ey-i/ | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **H. Paglalahat ng Aralin Generalization** | | Ang panuto ay mga tagubilin sa pagsasagawa ng iniutos na gawain. Maaaring nakasulat o pabigkas ang mga panuto. Sa pagsunod ng panuto ginagamit ang mga salitang hudyat tulad ng una, pangalawa, pangatlo, pang-apat, at huli. Maaari ring gamitin ang mga hudyat na at, sunod, at pagkatapos. Makatutulong sa maayos, mabilis, at wastong pagsasagawa ng gawain ang pagsunod sa ibinigay na panuto. | Mababaybay mo nang maayos ang salita kung alam at naisaulo mo ang tunog ng bawat letra ng alpabeto at maisusulat ito sa tamang pagkasunod-sunod ayon sa salitang binabaybay. Ang mga salitang di-kilala ay mga salitang hindi natin karaniwang ginagamit. Kinakailangang mapaunlad mo ang iyong bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa nang may pag-unawa sa bawat pahayag. | Mga Tuntunin sa Pagbabaybay *Pabigkas na Pagbaybay Ang pabigkas o pasalitang pagbaybay sa Filipino ay patitik at hindi papantig. Ang ispeling o pagbaybay ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga letrang bumubuo sa isang salita. *Pasulat na Pagbaybay Mananatili sa pagsulat at pagbasa ng mga karaniwang salita ang isa-isang tumbasan ng letra at makabuluhang tunog na ang ibig sabihin ay isa lamang ang tunog sa pagbigkas ng bawat letra kapag naging bahagi ng karaniwang salita | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessmen t** | | Isulat ang bilang 1-4 sa loob ng kahon upang mapagsunod-sunod ang mga panuto.   | Basahin mo ang pangungusap at isulat ang tamang pangalan ng larawan sa bawat bilang.<br>1. Ako ay natapilok sa aking paglalaro kaya masakit ang aking <br>2. Ang sarap humiga at matulog sa malambot na  | Ang mga sumusunod ay mga salitang ating naririnig at nababasa sa panahong ito. Ito ay mga batayang talasalitaan tungkol sa pandemyang nararanasan ngayon ng buong mundo, ang COVID-19. Sa tulong ng larawan, iayos mo ang salitang tinutukoy at isulat ang tamang baybay sa loob ng kahon. Isang letra lamang ang isulat sa bawat kahon. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 3. Maliliit ang mga  ng sitaw.<br>4. Masarap ang salad na  .<br>5. Magaganda ang mga  sa sapa. | 1.  samotnis - <br>nararamdaman ng isang taong may sakit<br>2.  bou<br>malakas na tunog gawa ng pwersahang paglabas ng hangin mula sa baga<br>3.  glaant -<br>pagtaas ng temperatura ng katawan na mas mataas sa 37°C<br>4.  dayua -<br>pagbibigay ng tulong pinansyal o materyal sa mga tao lalo na sa ahon ng kalamidad<br>5.  obnas -<br>ginagamit sa paghuhugas ng kamay na aabot sa 20 segundo upang sigurong patay ang mikrobyo | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | Basahin mo nang mabuti ang mga panuto at sundin mo ito.<br>1. Una, isulat ang iyong buong pangalan sa loob at gitna ng kahon.<br>2. Pangalawa, kung ikaw ay babae bilugan ang manika. Kung ikaw naman ay lalaki ikahon ang kotse.<br>3. Pangatlo, kulayan ng dilaw ang manika at pula naman para sa kotse.<br>4. Panghuli, gumuhit ng isang araw sa itaas ng manika | Basahin at sundin mo ang mga nakasulat na panuto. Iguhit mo sa papel ang iyong sagot.<br>1. Una, gumuhit ng isang malaking hugis-puso sa gitna ng kahon.<br>2. Pangalawa, sa kaliwa at itaas na bahagi ng hugis-puso ay isulat kung ilang taong gulang ka na.<br>3. Pangatlo, sa kanan at ibaba na bahagi ng hugis-puso ay iguhit mo ang paborito mong pagkain. | Ikahon mo ang salitang nasa tamang baybay na nasa loob ng panaklong sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Maraming (bigas, begas, bagas) ang naani ni ama.<br>2. Mangga ang paborito kong (purtas, prutas, putras).<br>3. Masarap maligo sa (olan, ulen, ulan).<br>4. Dapat nating igalang ang ating (bandila, bandela, bondila).<br>5. Ang aking mga (daleri, dalere, daliri) ay mahahaba. | Isakay mo Ako. Hanapin sa loob ng kahon ang mga salitang may tamang baybay at isulat ito sa loob ng tren.<br>presentasyon – presintasyun litiratora – literature<br>desenyu – disenyo kurikulum – kurekulom<br>pruduksyon- produksyon<br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| |  | 4. Panghuli, sa itaas na bahagi ng puso ay gumuhit ng isang bahay | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by: **IRENE P. DE LA CRUZ**
*Master Teacher I*

Noted: **ERNESTO B. CASTRO**
*School Head/Head Teacher III*